

ADA: Proseso ng Pagreklamo

ADA: Complaint Process

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) ay nagbibigay sa lahat ng mga mamamayan ng patas na access sa mga serbisyo nito sa transportasyon.

Ang Pamamaraan para sa Hinaing na ito ay itinatag para matugunan ang mga kahilingan ng Americans with Disabilities Act of 1990 (“ADA”). Maaari itong gamitin ng sinumang may nais na magsampa ng reklamo na nagpapatang ng diskriminasyon batay sa kapansanan sa pagkakaloob ng mga serbisyo, aktibidad, programa, o benepisyo ng VTA. Ang Patakaran sa Mga Tauhan ng VTA ang namamahala sa mga reklamo sa trabaho na may kinalaman sa diskriminasyon batay sa kapansanan.

Pagsasampa ng Reklamo

Kailangang isampa ang reklamo nang hindi tatagal sa 180 araw na base sa kalendaryo nang maganap ang naparatang na pangyayari ng diskriminasyon. Ang pinipiling paraan ay ang pagsasampa ng inyong reklamo sa pamamagitan ng kasulatan gamit ang ADA Complaint Form (tingnan sa ibaba), at ipadala ito sa:

ADA Coordinator
Office of Diversity and Inclusion
Santa Clara Valley Transportation Authority
3331 North First Street, B1
San Jose, CA 95134
(408) 321-2300
www.vta.org

Ang mga verbal na reklamo ay tatanggapin at ilalagay sa isang kasulatan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa customer service center ng VTA sa (408) 321-2300. Ang mga reklamo ay maaari rin isampa sa mga panlabas na entity tulad ng [Federal Transit Administration](#), ang [Equal Employment Opportunity Commission](#), o ang [Department of Fair Employment and Housing](#). Mangyari tiyakin ang impormasyon sa website ng bawat ahensya para sa mga detalye sa pagsasampa ng ADA na reklamo.

Kung sabay na magsampa ng reklamo sa VTA at panlabas na entidad, ang panlabas na reklamo ay hahalinhin sa reklamo ng VTA. Gayunman, patuloy na magsasagawa ng sariling imbestigasyon ang VTA tungkol sa reklamo at gagawing available ang mga natuklasan nito.

Mga imbestigasyon

Sa loob ng 10 araw ng trabaho pagkatanggap ng pormal na reklamo, bibigyan ng abiso ng ADA Coordinator ang nagreklamo at sisimulan ang imbestigasyon.

Ang mga imbestigasyon ay tutugon sa mga reklamo na laban sa alinmang (mga) departamento ng VTA. Ang imbestigasyon ay isasagawa bilang kaugnay at sa ilalim ng payo ng Employee Relations Department (Departamento ng Ugnayan ng Empleyado).

Maaaring kabilang sa imbestigasyon ang (mga) talakayan ng reklamo sa lahat ng mga apektadong panig upang matiyak ang problema. Ang nagrereklamo ay maaari din na kinatawan ng isang abogado o iba pang kinatawan na kaniyang pinili at maaaring magdala ng mga saksi at magpakita ng salaysay at katibayan sa tagal ng imbestigasyon.

Ang imbestigasyon ay isasagawa at matatapos sa loob ng 60 araw nang matanggap ang pormal na reklamo.

Batay sa lahat ng mga natanggap na impormasyon, isang ulat ng imbestigasyon ay isusulat ng ADA Coordinator para isumite sa Chief Administrative Officer.

Ang nagrereklamo ay tatanggap ng liham na nagpapahayag na ang huling desisyon ay ibibigay sa katapusan ng 60 araw na limitasyon ng panahon. Karamihan sa mga imbestigasyon ay nakukumpleto sa loob ng 30 araw.

Ipagbibigay alam sa nagrereklamo ng kaniyang karapatan upang mag-apela sa desisyon. Ang mga apela ay maaaring gawin sa [Federal Transit Administration](#), sa [Equal Employment Opportunity Commission](#), o sa [Department of Fair Employment and Housing](#).

Ang lahat ng mga nakasulat na reklamo na natanggap ng ADA Coordinator o ng itinalaga nitong tauhan, ang mga apela sa Federal Transit Administration, ang Equal Employment Opportunity Commission, o ang Department of Fair Employment and Housing, at ang mga sagot mula sa mga tanggapaning ito ay itatabi ng VTA ng hindi bababa sa tatlong taon.

[ADA COMPLAINT FORM](#)

Form para sa Reklamo ng Mga Amerikanong may mga Kapansanang kumilos

Americans with Disability Act

Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA)

Ang VTA ay may pananagutan para tiyakin na walang taong matatanggihan ng access sa mga serbisyo, programa, o aktibidad nito na sanhi ng kanilang mga kapansanan, tulad nang nakasaad sa title II ng Americans with Disabilities Act of 1990 ("ADA"). Ang mga reklamo sa ilalim ng ADA ay dapat na isampa sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng ipinaratang na pangyayari.

Ang sumusunod na impormasyon ay kinakailangan upang tulungan kami sa pagpoproseso ng inyong reklamo. Kung kailangan ninyo ng anumang uri ng tulong sa pagkukumpleto ng form na ito, o kung nais ninyong magsagawa ng isang verbal na reklamo, mangyari lang makipag-ugnayan sa ADA Coordinator sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 321-2300. Ang nakumpletong form ay dapat isauli sa ADA Coordinator, 3331 North First Street, Building B-1, San Jose, CA 95134.

Nagrereklamo: Complainant:	Telepono: Phone:
Address ng Tirahan: Street Address:	Iba pang Telepono: Alt Phone:
	Lungsod, Estado, Zip Code City, State, Zip Code
Tao na Naghahanda ng Reklamo (kung iba sa Nagrereklamo): Person Preparing Complaint (if different from Complainant):	
Address ng Tirahan, Lungsod, Estado, Zip Code Street Address, City, State, Zip Code	

Petsa ng Pangyayarit (Date of Incident): _____

Mangyari lamang ilarawan ang ipinaratang na pangyayari ng diskriminasyon, isama ang (mga) lokasyon, kung naaangkop. Ibigay ang mga pangalan at posisyon sa trabaho ng mga empleyado ng VTA na kasangkot, kung handang mabigay.

Ipinagpatuloy sa Susunod na Pahina

Pagpapatuloy sa paglalarawan sa pangyayari:

Ikaw ba ay nakapagsampa na ng reklamo sa iba pang pederal, pang-estado o lokal na ahensya? Oo/Hindi (Bilugan ang Isa).

Kung gayon, ilista ang ahensya/mga ahensya at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba:

Ahensya
Agency

Pangalan ng Kontak
Contact Name

Address ng Tirahan, Lungsod, Estado, Zip Code
Street Address, City, State, Zip Code

Telepono
Phone

Ahensya
Agency

Pangalan ng Kontak
Contact Name

Address ng Tirahan, Lungsod, Estado, Zip Code
Street Addressm , City, State, Zip Code

Telepono
Phone

Pinapatotohanan ko na aking nabasa ang mga pagbibintang sa itaas at ito ay totoo sa sukdulan ng aking kaalaman, impormasyon at paniniwala.

Lagda ng Nagrereklamo
Complainant's Signature

Petsa
Date

I-print o I-Type ang Pangalan ng Nagrereklamo
Print or Type Name of Complainant

Petsa nang Natanggap: _____

Date Received :

Tinanggap Ni: _____

Received By :